

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 85

“42 Bigyan mo ang sa iyo'y humihingi, at huwag mong talikdan ang sa iyo'y nangungutang.” (Mateo 5:42 KJV)

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito upang salitain ang tungkol sa pagbibigay mula sa sinabi ni Jesus, ***“Bigyan mo ang sa iyo'y humihingi,”*** Ang pagbibigay ay isang mahalagang gawain ng Dios dahil ito ay may epekto ng pagsagip, at maaaring makapagligtas ng mga taong nangangailangan mula sa mga problema. Kapag ikaw ay nagbigay sa taong nangangailangan iniligtas mo ang kanyang buhay mula sa mga problem.

Ang mga sumusunod ay mga gabay na makakatulong:

1. Bago tayo magbigay kailangan nating tukuyin at siyasatin ang kanilang hinihingi kung ito man ay kailangan o kagustuhan, at ang damit ay kailangan at kailangan nating ibigay ang gayong pangunahing mga bagay na hindi makakapaghintay.
2. Ito ay kailangang kailangan o isang bagay na hindi makakapaghintay?
3. Ang ilan ay may mga proyekto at pinapangarap na mga bagay at kailangan mong tukuyin mabuti kung anong nagaganap. Bakit kailangan mong tukuyin ang gayong mga bagay? Dahil marami sila'y mayroong sariling mga plano at tinatakanan nila ang plano na itinakda ng Dios para sa kanila.
4. Ang tao bang iyon ay may ibang paraan na makuha ang pangangailangang iyon? Halimbawa siya ay may anak lalake o babae o kapatid na lalaki, ngunit hindi siya humihingi sa kanila. O siya ay may lupain, ginto, ari arian o salapi sa ibang lugar at hindi niya ginagamit ang kanyang sariling mga mapagkukunan.
5. Ang tao bang iyon ay mananampalataya mula sa pamilya ng pananampalataya o hindi? ***“9 At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod. 10 Kaya nga, samantalang tayo'y may pagkakataon, ay magsigawa tayo ng mabuti sa lahat, at lalong lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya.” (Galacia 6:9-10 KJV)*** Ang isang kapatid kay Cristo ay walang ibang tatakbuhan kundi tayo.
6. Isipin mo ang iyong mga pinagkukunang yaman, limitado ka at kailangan mong maging mabuting katiwala sa kung ano ang mayroon ka. Hindi mo maaaring pigain ang iyong sarili at ang iyong mga mapagkukunan upang magpahiram sa iba. Tanungin mo lagi ang sarili mo kung kaya mo bang pamahalaan kahit wala ang halaga ng perang ipapautang mo.
7. Kapag ang mga tao ay humihingi sa iyo ay isang pagkakataon para sa iyo na turuan sila ng Salita ng Dios at simulan silang disipulo at sanayin sila sa mga landas ng Dios at sa kalooban ng Dios.
8. Sa wakas kailangan nating ibigay sa kanila ang kanilang mga pangangailangan at hindi ang kanilang mga kagustuhan, alinsunod sa ating kakayahan at kung ano ang idinidikta sa atin ng Salita ng Dios at kung ano ang ipinapatnubay sa atin ng Banal na Espiritu.
9. Laging lumapit para sa payo at pagpapayo kapag malaki ang halaga na kailangan mong ibigay.

Sinabi ni Jesus, ***“13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag. 14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap.” (Lucas 14: 13-14 KJV)*** Kaya iminungkahi ni Jesus kung mayroon tayong mapagkukunan at nais mag anyaya sa isang piging, kung gayon kailangan nating anyayahan ang dukha, ang pingkaw, ang pilay, at ang bulag. At syempre hindi na makakapunta sa atin ang mga pilay, pingkaw, at bulag, kaya kung gusto natin silang imbitahin, kailangan nating puntahan sa kanila. At kapag pumunta tayo sa kanila kailangan nating ibahagi sa kanila hindi lamang ang mga materyal na bagay na pinagpala ng Dios sa atin at sila ang nangangailangan nito, kundi higit sa lahat ang Salita ng Dios, ang Evangelio ni Jesu-Cristo na nagdudulot ng kaligtasan at nagbibigay ng buhay na walang hanggan sa mga tao.

* Nang tinukoy ni Jesus ***“ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag.”***, Sinasabi Niya ang tungkol sa mga taong nasa kagipitan at nahaharap sa krisis sa anyo ng matinding karamdaman, walang hanapbuhay, may kapansanan dahil sa mga karamdaman, at iba pa. Kailangan nating tulungan ang mga taong iyon. Wala sa posisyon ang mga taong iyon na magbigay. Kailangan nating bigyan sila upang mailabas sila sa estado ng kagipitan sa kanilang buhay. * Kailangan nating tulungan sila at pagkatapos nilang gumaling, kailangan silang isailalim sa rehabilitasyon para pangasiwaan ang buhay, at sa huli, kailangan natin silang sanayin at turuan sila upang maging mabunga at produktibo.

* Isang taong tinulungan mo at tinuruan mo siya kung ano ang dapat gawin, sa palagay niya ay natututo siya sa aral na kanyang pinagdadaanan. Matapos niyang makatanggap ng tulong ay dapat tulungan ang kanyang sarili at yumaon at magtrabaho at maging mabunga at maging produktibong tao. * Isang taong paulit-ulit na tinulungan ngunit hindi kumilos para iwasang ilagay ang kanyang sarili sa pangangailangan ay kailangan mong sabihin at turuan siya: ***“28 Ang nagnanakaw ay huwag nang magnakaw pa: bagkus magpagal, na igawa ang kaniyang mga kamay ng mabuting bagay, upang siya'y may maibigay sa nangangailangan.” (Epeso 4:28 KJV)***

* Ang isang taong hindi nagtatrabaho at kumita ng kanyang ikabubuhay siya ay nagnanakaw sa iba at nabubuhay sa kanilang pinapaguran. * Gaya ng pagtulong natin sa isang tao kailangan nating turuan siya na kailangan niyang magtrabaho, magpakapagal at kumita ng kanyang ikabubuhay, upang ilaan, upang ibigay sa Dios, at magipon at itabi ang isang halaga upang tulungan ang iba na nasa kagipitan at tulungan sila gaya na tinulungan siya. * Ang ibig kong sabihin na kailangan nating tulungan ang mga tao at huwag palayawin sila sa pagbibigay sa kanila at hindi pagdidisiplina sa kanila. Gayundin huwag mo dapat hayaan ang mga tao na pagsamantalahan ang iyong pagibig at tulong, at patuloy na magnakaw sa iyo.

“Mapalad siya na nagpapakundangan sa dukha: ililigtas siya ng Panginoon sa panahon ng kaligaligan.” (Awit 41:1 KJV) Tinawag tayo ng Dios upang maging mabuting katiwala sa anumang bagay na tinanggap natin mula sa Kanya at ituwid ang ating mga mapagkukunan para maglingkod at magministerio sa mga kagipitan upang dalhin sila papalapit sa Dios upang bigyang kaghinaan sila. Ang gayong uri ng pag-uugali ang magpapatnubay sa atin at magawa nating magbigay ng serbisyo sa kumunidad na nakapalibot sa atin. Pagpapalain tayo ng Dios para sa gayong mga gawa at ililigtas tayo sa panahon ng mga kaguluhan gaya ng pagtulong natin sa kanilang mga problema. Tinawag tayo ng Dios upang maging pagpapala sa iba. Para sa ilang uri ng sitwasyon maaari tayong magbigay kahit na hindi hinihiling sa atin na magbigay, tulad ng ginawa ng mabuting Samaritano sa **Lucas 10** sa biktima na nakita niya sa daan habang siya ay naglalakbay,

“Mapapaalad ang mga mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan.” (Mateo 5:7 KJV) Tayo ay magiging mabunga at epektibo para sa bawat mahabaging mga gawa natin sa mga taong nasa kagipitan na inilagay ng Panginoon sa palibot natin.

Sa **Mateo 5:42** sinabi ni Jesus, **“at huwag mong talikdan ang sa iyo'y nangungutang.”** Ngayon may mga taong lalapit at hihiram sa iyo; kung gayon huwag talikuran sila sa pagtanggap o pagsasalita. Ngunit magsalita sa kanila nang maayos at masaya at alamin mula sa kanila ang tunay na sitwasyon para sa kung ano ang kailangan nila ng pera. Ang pagpapautang ito’y nangangahulugan na kung ano ang hiram ng mga tao kung gayon ay ay ibalik nila. Ang mga sumusunod ay ang mga patnubay na tinalakay natin:

1. Bago tayo magpahiram kailangan muna nating tukuyin at suriin ang kanilang hinihingi kung kailangan o gusto. Ang pagkain, tirahan, at pananamit ay mga pangangailangan at kailangan nating ibigay para sa mga pangunahing bagay na hindi maaaring maghintay.
2. Ito ba ay kagipitan o isang bagay na maaring maghintay?
3. Ang ilan ay mayroon silang mga proyekto at pangarap at mga bagay na ambisyon at kailangan mong tukuyin nang malinaw kung ano ang nangyayari. Bakit kailangan mong tukuyin ang gayong mga bagay? Dahil marami sila sakanilang ang may sariling mga plano at sila ay tumatakas sa plano ng Dios na Kanyang itinakda para sa kanila. Kapag nagpapautang ka sa kanila kung gayon ay hinihikayat mo silang gumawa ng mali.
4. May ibang paraan ba ang tao upang kunin ang hinihiram niya?. Halimbawa may anak o kapatid siya, pero hindi siya humihingi sa kanila. O may lupa, ginto, ari-arian ba siya sa ibang lugar at hindi niya ginagamit ang sariling yaman.
5. Ang tao ba ay isang mananampalataya mula sa pamilya ng pananampalataya o hindi?
6. Isipin mo ang iyong mga pinagkukunang yaman, limitado ka at kailangan mong maging mabuting katiwala sa kung ano ang mayroon ka. Hindi mo maaaring pigain ang iyong sarili at ang iyong mga mapagkukunan upang magpahiram sa iba. Tanungin mo lagi ang sarili mo kung kaya mo bang pamahalaan kahit wala ang halaga ng perang ipapautang mo.
7. Kapag ang mga tao ay nagtatanong sa iyo ay isang pagkakataon para sa iyo na ituro sa kanila ang Salita ng Dios at simulan silang disipulo at sanayin sila sa mga daan ng Dios at kalooban ng Dios.
8. Sa huli kailangan nating ipahiram sa kanila ang kanilang mga pangangailangan at hindi ang kanilang mga kagustuhan, alinsunod sa ating kakayahan at kung ano ang idinidikta sa atin ng Salita ng Dios at kung ano ang ipinapatnubay sa atin ng Banal na Espiritu.
9. Palaging lumapit para sa payo at pagpapayo kapag malaki ang halaga na kailangan mong ipahiram.

Isa sa pagpapala ng Dios sa ating buhay ay yaong pagpapalain Niya tayo nang masagana, na makakaya natin magagawa nating magpahiram sa iba, **“12 Bubuksan ng Panginoon sa iyo ang kaniyang mabuting kayamanan, ang langit, upang ibigay ang ulan sa iyong lupain sa kapanahunan, at upang pagpalain ang buong gawa ng iyong kamay; at ikaw ay magpapahiram sa maraming bansa, at ikaw ay hindi hihiram.”** (Deuteronomio 28:12)

Ang taong matuwid ay pinagpapala ng Panginoon at isa sa kanyang katangian na siya ay mahabagin ay pagpapahiram sa mga taong nangangailangan, **“25 Ako'y naging bata, at ngayo'y matanda; gayon ma'y hindi ko nakita ang matuwid na pinabayaan, ni ang kaniyang lahi man ay nagpapalimos ng tinapay. 26 Lahat ng araw ay nahahabag, at nagpapahiram; at ang kaniyang lahi ay pinagpapala.”** (Awit 37:25-26 KJV) Ang pagpapahiram ay mayroong isang epekto ng pagsagip, at maaaring iligtas ang mga tao na nangangailangan mula sa mga problema. Kapag nagpahiram ka sa isang taong nangangailangan ay iniligtas mo ang kanyang buhay mula sa mga problema. Ang taong natatakot sa Dios at nagpahiram ay iniligtas ang mga tao mula sa problema

ay kumikilos nang may pagibig at awa sa mga tao at sa pagkatakot sa Dios para tulungan ang mga tao gaya ng mababasa natin dito tungkol sa taong natatakot sa Dios, **“1 Purihin ninyo ang Panginoon. Mapalad ang tao na natatakot sa Panginoon, na naliligayang mainam sa kaniyang mga utos. 2 Ang kaniyang binhi ay magiging makapangyarihan sa lupa; ang lahi ng matuwid ay magiging mapalad. 3 Kaginhawahan at kayamanan ay nasa kaniyang bahay: at ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man. 4 Sa matuwid ay bumabangon ang liwanag sa kadiliman: siya'y mapagbiyaya at puspos ng kahabagan, at matuwid. 5 Ang ikabubuti ng taong mapagbiyaya at nagpapahiram, kaniyang aalalayan ang kaniyang usap sa kahatulan.”** (Awit 112:1-5 KJV) Ang gayong uri ng tao ay higit pang pagpapalain ng Panginoon, sapagkat mas mapalad ang nagbibigay kaysa sa tumatangap.

Sa **Mateo 5:42** si Jesus ay nagsasalita sa mga Judio na sa Kautusan ng Dios ay hiniling na pahiramin ang kanilang mga kapatid na walang patubo at interes. **“25 Kung magpautang ka ng salapi sa kanino man sa aking bayan na kasama mo na dukha, huwag kang magpapakamanunubo sa kaniya ni hihingan mo man siya ng tubo. “** (Exodu 22:25 KJV) **“37 Ang iyong salapi ay huwag mong ibibigay sa kaniya na may patubo, ni ibibigay mo sa kaniya na may pakinabang ang iyong pagkain.”** (Levitico 25:37 KJV) **“19 Huwag kang magpapahiram na may tubo sa iyong kapatid; tubo ng salapi, tubo ng kakanin, tubo ng anomang bagay na ipinahihiram na may tubo:”** (Deuteronio 23:19 KJV) Kaya nga, hindi tayo maaring magpautang sa mga kapatid na nangangailangan na may patubo o tubo. **“8 Kundi iyo ngang bubukhin ang iyong kamay sa kaniya, at iyo ngang pauutangin siya ng sapat sa kaniyang kailangan sa kaniyang kinakailangan.”** (Deuteronio 15:8 KJV)

Ngunit ang Kautusan ng Dios ay pinapahintulutan ang mga Judio na magpautang sa mga dayuhan nang may patubo o tubo, **“20 Sa isang taga ibang lupa ay makapagpapahiram ka na may tubo; nguni't sa iyong kapatid ay huwag kang magpapahiram na may tubo: upang pagpalain ka ng PANGINOON mong Dios sa lahat ng pagpapatungan mo ng iyong kamay, sa lupain na iyong pinapasok upang ariin.”** (Deuteronio 23:20 KJV)

“30 Bigyan mo ang bawa't sa iyo'y humihingi; at sa kumuha ng pag-aari mo, ay huwag mong hinging muli.” (Lucas 6:30 KJV) Dito ang tungkol sa pagpapatungay ay sinabi ni Jesus, **“at sa kumuha ng pag-aari mo, ay huwag mong hinging muli.”** A Ano ang ibig sabihin ni Jesus dito? Hindi niya ibig sabihin kung kinuha niya iyon sa iyo nang walang pahintulot o pagsang ayon mo, dahil iyon ay pagnanakaw at ang taong iyon ay kailangan ituring bilang magnanakaw o tulisan. Hindi hinihikayat ni Jesus ang pagnanakaw o ang ugali ng pagkuha at hindi pagbabalik. Ngunit ang ibig sabihin ni Jesus dito ay kapag nagpautang ka o ang taong kumuha sa iyo ay hindi kayang magbayad o ibalik sa iyo ang hiniram niya sa iyo dahil sa ilang makatwirang kondisyon na ginawa siyang hindi makabayad o ang kanyang sitwasyon ay mahirap at hindi siya makabayad kung gayon sa ganoong sitwasyon hindi mo na kailangan na singilin siya tulad ng sinabi ni Jesus, **“huwag mong hinging muli.”** Kung ang kalagayan ng nangutang ay ganoon, na siya ay mahirap at hindi magawang magbalik, kung gayon patawarin ang tao sa gayong dahilan at gagantimpalaan ka ng Dios.

Ating basahin ang isang salaysay mula sa Biblia na magtuturo sa ating maging maingat sa ating hiniram at hindi dapat maliitin ang hiniram. Ang ipinapahiram sa iyo ng mga tao ay para maibsan ka sa isang problema at hindi mo dapat pabayaang ibalik sa kanila, **“1 At sinabi ng mga anak ng mga propeta kay Eliseo, Narito ngayon, ang dakong aming kinatitirahan sa harap mo ay totoong gipit sa ganang amin. 2 Isinasamo namin sa iyo na kami ay paparoonin sa Jordan, at kumuha roon ang bawa't isa ng sikang, at gumawa kami para sa amin ng isang dako roon, na aming matatahanan. At siya'y sumagot, Magsiyaon kayo. 3 At sinabi ng isa, Isinasamo ko sa iyo na ikaw ay matuwa, at yumaon na kasama ng iyong mga lingkod. At siya'y sumagot, Ako'y yayaon. 4 Sa gayo'y yumaon siyang kasama nila. At nang sila'y dumating sa Jordan, sila'y nagsiputol ng kahoy. 5 Nguni't samantalang ang isa'y pumuputol ng isang sikang, ang talim ng palakol ay nalaglag sa tubig: at siya'y sumigaw, at nagsabi, Sa aba ko, panginoon ko! sapagka't hiram. 6 At sinabi ng lalake ng Dios, Saan nalaglag? At itinuro niya sa kaniya ang dako. At siya'y pumutol ng isang patpat, at inihagis doon, at pinalutang ang bakal. 7 At kaniyang sinabi, Kunin mo. Sa gayo'y kaniyang iniunat ang kaniyang kamay, at kinuha.”** (2 Hari 6:1-7 KJV) Dito sa tunay na salaysay na ito ay nagsikap ang mga anak ng mga propeta na gumawa para sa kanila ng mas malaking lugar ng pamumuhay. Inanyayahan nila si Eliseo na sumama sa kanila at siya ay sumangayon sa kanilang mga plano at yumaon dahil ito ay tama. Ang bawat isa ay kumuha ng palakol upang gumawa ng bagong lugar para sa kanilang pamumuhay. Ang lahat ay may pananagutan na mag ambag para sa gusali para sa bagong lugar na kanilang ihahanda para sa kanilang pamumuhay at nagpapakita ng kanilang ganap na gulang at kanilang pangako at sila ay mga responsableng tao. **“5 Nguni't samantalang ang isa'y pumuputol ng isang sikang, ang talim ng palakol ay nalaglag sa tubig: at siya'y sumigaw, at nagsabi, Sa aba ko, panginoon ko! sapagka't hiram.”** (2 Hari 6:5 KJV) Dito ang lalaki na nakahulog ng palakol sa tubig ay natakot dahil ang palakol ay isang bagay na hiniram at kailangang ibalik. Kung ano ang hiniram ay kailangang ibalik o bayaran, maliban kung ito ay hindi kayang ibalik ng isang tao. **“6 At sinabi ng lalake ng Dios, Saan nalaglag? At itinuro niya sa kaniya ang dako. At siya'y pumutol ng isang patpat, at inihagis doon, at pinalutang ang bakal. 7 At kaniyang sinabi, Kunin mo. Sa gayo'y kaniyang iniunat ang kaniyang kamay, at kinuha.”** (2 Hari 6:6-7 KJV) Hindi pinansin ni Eliseo na ang palakol ay nawala sa tubig at hindi sinabi sa

tao na ayos lang na mawala mo ito, ngunit gumawa si Eliseo para makuha ang hiniram na palakol mula sa tubig at ibinalik ito sa lalaking naiwala nito.

Ang hiniram ay kailangang ibalik at kailangan nating turuan ang mga tao ng gayong alintuntunin sa buhay dahil ang masama ang nanghihiram at hindi nagbabalik, **“21 Ang masama ay humihiram, at hindi nagsasauli: nguni't ang matuwid ay nahahabag, at nagbibigay.” (Awit 37:21 KJV)**

Gayundin pagkatapos ng pitong taon pagkatapos mong magpahiram at ang tao ay hindi kayang ibalik sa iyo, kung gayon maari mo siyang palayain ayon sa kautusang ito, **“1 Sa katapusan ng bawa't pitong taon ay magpapatawad ka ng iyong mga pautang. 2 At ito ang paraan ng pagpapatawad: bawa't may pautang ay magpapatawad ng kaniyang ipinautang sa kaniyang kapuwa; huwag niyang sisingilin sa kaniyang kapuwa, at sa kaniyang kapatid; sapagka't ang pagpapatawad ng Panginoon ay ipinahayag.” (Deuteronio 15:1-2 KJV)** Kung ang isang tao ay mahirap at hindi kayang bayaran ka kung gayon patawarin siya, huwag hingin sa kanya muli gaya ng iniutos sa atin ni Jesus, at ang Dios ang maggantimpala at magbabalik sa iyo.

Ngunit kung ang isang tao na kayang magbayad at nakita mo na siya ay kumikita at may mapagkukunan na kayang niyang magbayad ngunit hindi siya nagbabayad sa iyo, kung gayon kailangan mong sabihan at paalalahanan siya na magbayad. Ngunit hindi na kailangan para sa iyo na idiin sa kanya sa pamamagitan ng pagpunta sa kanyang bahay, ngunit maghintay para sa kanya na lumapit at ibigay ito sa iyo. Ang biyaya at awa ay kailangang isagawa sa tuwing kinakailangan gaya ng itinuturo sa atin ng Kasulatan. **“10 Pagka ikaw ay magpapahiram sa iyong kapuwa ng anomang bagay na hiram, ay huwag kang papasok sa kaniyang bahay upang kumuha ng kaniyang sangla. 11 Ikaw ay tatayo sa labas, at ang taong iyong pinahihiram ay maglalabas ng sangla sa iyo.” (Deuteronio 24:10-11 KJV)**

“35 Datapuwa't ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at gawan ninyo sila ng mabuti, at mangagpahiram kayo, na kailan man ay huwag mawawalan ng pagasa; at malaki ang sa inyo'y magiging ganti, at kayo'y magiging mga anak ng Kataastaasan: sapagka't siya'y magandang-loob sa mga walang turing at sa masasama.” (Lucas 6:35 KJV) Ang ibig sabihin ni Jesus sa **“na kailan man ay huwag mawawalan ng pagasa.”** hindi dapat maunawaan na mawalan ng pag-asa na ang perang ipinahiram ay mabayaran, sapagkat kung gayon ito ay pagbibigay, at hindi pagpapautang; kundi huwag umaasa ng anumang patubo o interes para sa pagpapahiram nito. Sa pamamagitan ng Salitang ito ni Jesus, **“na kailan man ay huwag mawawalan ng pagasa”**, kailangan din nating maunawaan na huwag tayo magpapahiram ng ating salapi sa hindi mananamapalataya nang may patubo o interes.

Sa aking mahal at minamahal: Tayo ngayon ay lumapit sa Panginoon sa pananalangin, ipangako ang ating sarili sa tuntunin na ating natutunan mula sa mensahe ngayon tungkol sa pagbibigay at pagpapahiram sa mga nangangailangang mga kapatid o sa mahihirap na mga tao. Ipakumbaba natin ang ating sarili sa makapangyarihang kamay ng Dios, at ipangako natin an gating sarili na kusang loob na gawin ang Kanyang kalooban. Hilingin natin ang karunungan sa Dios at mabuting pagpapasya ng kung paanong gawin ang ministeriong ito ng Dios. Ating ipangako ang ating sarili na tumalima sa mga alintuntunin na ating natutunan sa mensahe at isagawa ang mga ito sa ating buhay at sa ating ministerio.

Lumapit tayo ngayon sa Panginoon sa pananalangin at pakinggan natin ang Salita ni Jesus at sundin ang Kanyang tagubilin at ipamahay ang mga ito sa ating buhay at sa buhay ng mga tao na ating inaabot sa pamamagitan ng ating ministryo. Patuloy tayong maging handang tumulong sa mga mahihirap at nangangailangan.

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula na maguli noong ikatlong araw upang bigyan akong walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinaliwanag sa akin nang malinaw ang mga alintuntunin ng pagpapautang at kung paano magpatuloy na tumulong sa mahihirap at nangangailangan at kung paanong magpasya kung paanong magpautang at ano ang kailangan nating ibigay sa mga taong humihingi ng tulong.

Ipagtapat at talikdan ang iyong mga kasalanan; ang iyong katamaran, hindi handang magkapagal, pananamantala sa iba, talikdan ang iyong walang kahandaang tumulong, talikdana ng kasalanan ng patubo at pananamantal sa mahihirap na pinautang mo. Panginoon patawarin ako, ipinagtapat at tinalikdan ang sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tulungan ang sumusunod na mga mahihirap _____ at pautangin ang sumusunod na mg tao na walang patubo _____.

Panginoon salamat para sa aking mg kapatid na lalaki at babae na tumugon sa iyong Salita at tumalimang

gawin at mamuhay ayon sa iyong kalooban. Panginoon bigyan sila ng karunungan kung paano isagawa ang mga alintuntunin na natutunan namin ngayon mula sa iyong Salita sa amin kung paano suriin ang mga nangangailangan at kung kanino nila kailangang magpahiram. Panginoon protektaha sila, ibigay ang kanilang kailangan, at bigyan sila ng karunungan at kaalaman kung paano isagawa ng mensaheng sa kanilang buhay at ministerio.

Panginoon pagpalain kami bilang simbahan at bigyan kami ng karunungan kung paano gamitin ang aming pananalapi at lalo na sa mga nangangailangan ng tulong at sinong mga tao ang kailangan naming iligtas mula sa kanilang pagkakautang sa pananalapi at problema. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailanga naming at mag evangelio at abutin ang bagong mga tao, at gumawa ng bagong mga alagad at magsanay ng maraming mga mangagagawa upang magtanim ng bagong pag aaral ng Biblia at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Part 85. Mateo 5:42. Mga Taga Galacia 6:9-10. Lucas 14:13-14. Efeso 4:28. Mga Awit 41:1. Mateo 5:7. Deuteronomio 28:12. Mga Awit 37:25-26. Mga Awit 112:1-5. Exodo 22:25. Levitico 25:37. Deuteronomio 23:19. Deuteronomio 15:8. Deuteronomio 23:20. Lucas 6:30. II Mga Hari 6:1-7. Mga Awit 37:21. Deuteronomio 15:1-2. Deuteronomio 24:10-11. Lucas 6:35.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com